**Copyright © This story is restricted to any sorts of redistribution. Copying or editing this story is said to be plagiarism without the author's consent. All rights reserved. 2012**

**noquane'soneshotstories**

# Shattered dreams, fulfilling promises

***

**Henry!!!** Tawag ko sa crush ko. Shhhh…secret lang…di niya alam

**Oh Yen…** sambit niyang parang nagulat naman. Siyempre naman noh? Di kame close tapos bigla bigla ko na lang siyang tatawagin. Kung ako din siguro magugulat. Pero this is my chance…this is really is it is it!!!!

**Uhm, kasiii…nahulog mo yung panyo mo. Sayang naman Armanni pa eh.** Tsaka ambango bango pa. dagdag ng utak ko…Nakasmile ako…pacute…ewan ko kung nahahalata na pero nakasmile din naman siya…keri lungs yan!!!

Nagkamot siya ng ulo tsaka umiling…ako naman nakaspread lang kamay ko para i-abot yung hanky niyang super bangooo. Amoy downy passion. Ahy nakaka-adik, kung ikaw lang makaamoy..hmm..panalo!!!

**Ahy, eto na oh, bakit ayaw mo pa kunin? Nahihiya ka ba?** Pacute na tanong ko.

**Eh kasi Yen, hindi ko naman panyo yan eh.**

Ha? Ano daw? Di niya panyo? Eh nasa ilalim ng upuan niya eh. Nakakainis ha!

**Eh kanino toh?** Medyo nag-iba tono ng pananalita ko kasi naiinis ako.

**Hindi ko alam eh. Sige mauna na ako, susunduin ko pa girlfriend ko eh. Bye Yen, ingat.** Pagkatapos nun, nagsmile pa siya. Kung hindi ko lang crush to eh malamang nabatukan ko na dahil sa sobrang inis. Pero, ha? Nagsmile siya diba? Tsaka alam niya name ko…Woooh. Pero ano daw? Girlfriend?!!! Hmmmpph!!! Girlfriend ha! Todo effort pa naman pacute ko. After that, I went home na siyempre I kept na lang yung hanky. Ambango kasi eh. Never mind the owner kung sino man yun.

***

**Yen, ampupu ka naman. Nakakahiya ka!** Panenermon sa akin ng ever supportive kong friend na si Alex.

Andito ako ngayon sa bahay nila Alex kumakain ng napakalaking tinapay na kung tawagin ay rainbow. Kasi ang ganda ng kulay hahahaha pink. Try niyo rin masarap. Five pesos lang. Tanong niyo si Alex kung pano ginagawa ng nanay niya tong tinapay na to.

**E hisjdlsli najdkdkakahokdskya!!! Itch maydgsj taym to jsahayn!** Pagpapaliwanag ko sa kanya habang puno yung bibig ko ng rainbow.

*POINK*

**Ang takaw mo!!! Wala akong naintindihan sa sinabi mo eh!** Naiinis na sambit ni Alex.

Hinimas ko yung sinapok niyang batok ko. In fairness ha ansakit!!! Kahit buo buo pa yung tinapay sa bibig ko, pinilit kong lunukin para makapagsalita…tsaka kahit masakit sa lalamunan ininom ko ng tuloy tuloy yung walang lasang juice niya saka ako huminga ng super lalim…

**Ansakit…wait lang…** hinimas ko lalamunan ko. Ansakit naman talaga kasi. Kahit sino namang lumamon ng buo at pilit lunukin sasakit talaga lalamunan diba???

**Ano bang nakain mo at papansin ka sa Henry na yun?** Naiinis pa rin niyang tanong habang inaayos yung pinagkainan ko.

**Wala lang type ko lang…**sambit ko naman habang hinihimas yung tiyan kong busog.

**Baliw ka ba talaga? Oo alam ko namang malandi ka pero, Yen, piliin mo naman nilalandi. Alam mo namang may sayad sa utak yung girlfriend nun.**

Tumango tango na lang ako.

*POINK*

Binatukan na naman niya ako.

**Hoy Alex ah!! Nakakailan ka na. Bukod sa ipagsigawan mo pang malandi ako. Tsss. Badtrip naman eh!!! Sigaw ko sakanya. Oo malandi ako, pero slight lang. Ampupu, kelangan ipagsigawan???? Hindi ata makatarungan yun!!**

**Ang sakin lang, mamili ka at huwag na dun sa Henry na yun…**

**Eh, Alex, hindi mo kasi naiintindihan eh. Hindi naman ako nagpapansin dun kay Henry my loovees eh. Well, konti lang pero hin-----**

**Ay nako Yen, umayos ka nga bago kita batukan ulit???**

**Putek naman Alex, bakit ba ang hardcore mo??? Super ha? So sungit mo today…you have ba???** Maarteng tanong ko sa kanya. Sa mga din aka-gets, tinatanong ko siya kung may red alert siya…hihihi

**So sungit mo today…you have ba???** Panggagaya niya sa pananalita ko. **Arte mo!**

Iniripan ko siya hanggang sa puti na lang natira sa mata ko. Hmmp bakit ba? Moment ko toh!

**Eh kasi, may hanky sa baba ng upuan niya kaninang dismissal. Pinulot ko. Hoping na sa kanya nga yun. Then para na rin, makausap ko siya…you know???** Paliwanag ko sa kanya habang tinitignan mga polished nails ko with red. Tinitignan ko lang kung may dumi…

**Wooh, style mo buloks!! Yang mga style na yan…Alam na…tsss…**umiiling iling pa siya.

**Wag ka ngang epalerz. Oo na nilalandi ko na siya. Pero hidden agenda ko yun pero kasi…haaay ewan ko sayo…**

Pagod na ako mag-explain kasi di niya pa rin maiintindihan. Like, hello? Si Henry lang naman kasi ang matagal ko ng crush simula pa nung nasa sinapupunan ako ng mother dear ko. Chos! Hindi, siya ang una kong crush sa ****** University. Kasi the moment I laid my eyes on him, I felt my world became wonderful… O di ako na inlove!!!

**Oh, sa kanya nga ba yung panyo???** Nakakainsultong tanong ni Alex.

Sumimangot ako.

**Hindi!!!**

**Wahahahahaha!!! Talaga??? E di pahiya ka??? Hahahaha** tawa naman ni Alex. Tinakpan niya pa bibig niya para pigilan tawa niya kasi I gave her the deadliest stare ever!!!

*shing!!!! Shing!!!!*

(sound effects yan sa anime pag nagbibigay ng cold stare yung bida hahahaha)

**Eh, di ko naman kasi alam!!! Tawa ka pa ah...Sapak you want??** Sabay irap ako sa kanya.

**Wooh, ikaw? Si Mavien Garalde? Mapapahiya dahil lang sa stupid akala!!! Hahahaha nakakatawa talaga yun!!** Solid ang tawa ni Alex sarap sabunutan!!! Ever supportive friend award goes to…

*tan ta na nan!!!*

Alexandra Madlangtuta!!!!

***

**Yen! Yen!** Tawag sakin ng boses lalaki. Hindi ko kilala kaya di ko nilingon. Suplada talaga ako. Like who you? Jokes. Siyempre nilingon ko. At nakita ko ang kabaligtaran ni Henry. Si Bentong!!!! Ugh!!! It was like the first time he laid his eyes on me, my life became miserable!!!

Believe it or not pero siya ang stalker kong loyal!!! Simula pa first year high school kami, sinusundan na niya ako. Lahat ng tungkol sa akin alam niya kahit paborito kong pabango, pagkain, brand ng bag, sapatos, damit, toothpaste, toothbrush na gamit ko, brand ng underwear ko, unit ng cellphone ko, brand ng laptop ko, ipAd ko, iPod ko, name ng aso ko, gamit kong nailpolish, bracelet ko, kwintas ko, kulangot ko, muta ko, laway ko!!! Kulang na lang pati utot ko alamin niya!!! Nakakatakyut!!! Hindi ako OA! Totoo yan!!!

Bigla ko na lang iniwas tingin ko sa kanya at binilisan ko maglakad. Hinihiling ko ngayon kay Fashion Goddess. Please, ilayo niyo ang dakilang utot na ito. Please. Promise, magpapalit na ako ng fashion sense!!! Swear!!!

**Yen!! Yen!!** Tawag pa rin niya. Hindi ko pinansin. Tumakbo na lang ako papuntang restroom. Siguro naman di niya na ako masusundan… Kahit kelan talaga panakot si Ben!! Kung pwede lang ilagay mukha niya sa mouse trap!!!

***

Naglalakad ako papuntang library. Palinga linga habang ngumunguya ng sandamakmak na boy bawang. Hindi ako tamad mag-aral tulad ng ibang babaeng fashionista at sikat sa University na malaking question mark ang laman ng utak! Ako yung mga tipong Beauty and Brains kaya lang may sayad ang attitude at manners. Pero promise, mabait ako. Wahahaha vote niyo akong Campus Queen sa susunod na University Ball ha??? Okay? Tenk yo!!!

Pinagtitinginan ako ng mga lalaking nakatambay sa may bench. Nakakainis, ayoko ng tinititigan.

**Tsingin tsingins nyo jansh?? Bwakit shayon nyilang ba kwayo nakatsita ng bwabwaeng shanito kwumain ng Bohoy Bwawang???!!!!!** Pagsita ko sa kanila habang puno bibig ko ng boy bawang. Abah?! Kala nila uurungan ko sila? Porke lalaki? No pwede!!!

Natameme naman sila. Yung isa parang mauutot sa pagpigil ng tawa.

**Tsingin tsingin kwayo!!!! Che!!!** Pagtalikod ko sa kanila. Wala akong pakialam kung tumalsik mga debris ng kinakain ko sa kanila! Kung makatingin wagas! Putek! Badtrip!!!

Pagdating ko sa entrance ng library, iniwan ko Gucci bag ko sa counter. Kinuha ko lang yung tab ko at earphones. Dumiretso ako sa American Section. Dito ako madalas tumambay at nagbabasa…

…ng Wattpad. Wuahahahaha!!! Tinatamad ako mag-aral ngayon eh. Hmmm. Tinutuloy ko yung binabasa kong Chemicals do react (deal or no deal) eh fan ako ng author kaya nababasa ko tong naka-private na kwento. Actually, marami na rin ako nabasa tulad ng I Will Take You Forever saka yung One shot story na It's not for her, it's for you. Lahat yan gawa ni noquane. Ayun, tinutuloy ko…

Habang nagbabasa ako eh, may napansin akong umupo sa harap ko. Hindi ko inangat ulo ko para tignan kung sino yun. Sanay na ako. Lagi naman siyang pumupunta din dito at laging dun pwesto niya. Siya ang taong pinakagusto ko…Hindi si Henry, hindi yun nag-aaral. O eto na, siya ang taong matagal ko nang pinagnanasahan!!!! Promise…pero di tulad ng iniisip niyo. Siya yung pangarap kong patayin, saksakin, tadyakan, i-chop chop at itapon mga body parts niya sa iba't ibang sulok ng Pilipinas para kapag nagkataon, magiging Dora the Explorer ang drama ng pagkabit kabit ng katawan niya. Wuahahahaha!!!!

Eh panong di ako maaasar diyan eh siya yung ex kong pinagpalit ako sa mukhang kabayo?! Di ko matanggap shet lungs?? Buti pa sana kung sa inahin!!! Pero sa mukhang kabayo??? Wow ha! Taray!!

Lagi siya andito. Simula nung naglagi din ako dito. Ha? Hahaha basta. Kumbaga dito din tambayan niya. Hindi naman ako bitter. Asar lang ako sa pagmumukha niya kasi ang gwapo niya. Tapos nilantakan niya isang Petra!!! Waaah!!! Ako na talaga mapanlait.

**Hey!** Asar na bawi ko sa hinugot niyang earphone. Oo, kagulats gulats pero andun na siya sa tabi ko. At malandi teh! Sobrang lapit niya at inakbayan niya pa ako. Grrr.

**I missed you babe.** Whisper niya sa ear ko. Ugghh! Kadiirii. Wala akong kiliti sa tenga kaya walang epek sa akin yun. Kala niya ha… Hmmm, it takes two to tango…tignan natin…

**I missed you too, but I liked it a lot when I don't see you.** Malanding sambit ko sakanya sabay nun ang dahan dahan kong pagtanggal sa kamay niya.

**I really like the touch of your skin to mine.** Sambit niya naman ng bedroom voice with matching taas taas pa ng kilay. Yung mga mata niya nang-aakit. Ano bang problema ng lalaking to? Nakipagbreak sa akin at wala lang yung kabayo, nakikipaglandi na???

**Oh, I bet that. Because no one resists my flawless skin. By the way, where's your pet?** Tinakpan ko kunwari bibig ko gamit palad ko… **Oh, I mean your latest girlfriend?**

Bigla kumunot noo niya. Saka ngumiti ng nakakaloko. **Oh, Ashley? She's not in the country right now, she's in Singapore for her OJT. So we can hang out you know??** Kasabay nun ang dampi ng malilikot niyang daliri sa aking flawless legs.

**Hey, watch where you're going Satan!!!** Galit na baling ko sakanya. Abah! Makachansing ha! Tinanggal ko kamay niya dun. Kaines!!

**I bet you like this babe. Isn't it what you want? You know I can get you a motel key right now.** sabi niya at ibinalik ulit mga kamay niya sa hita ko. Pati buhok ko, inaamoy amoy niya pa. I can't take this anymore!!! My gaaasss!!! Tumayo ako.

**Hoy Satanas!! Pede bang lumayo ka sakin? Ang landi mo ha! Nawala lang si Petra, nangangaliwa ka na? And to think na sa ex mo pa! Anlakas din ng trip mo! Walang hiya ka! Pinagpalit mo na nga ako sa kabayo, ako pa ngayon gusto mong tikman?! So kapalerz naman your face! You know what I want to do??** Tanong ko sa kanya. I don't care kung pinagtitinginan kami ng mga tao sa section na to, di ko mapigilan ang bastos eh!

**THIS!!!**

*Boooggssshh*

**AAAAAAARRRRGGGHHHHHH!!!! BIIITTTCCCHHH!!!! AAAAAAAARRRRGGGHHHH!!!!**

Sigaw niya habang hawak niya crotch niya. Buti nga sayo!!!

**I ALWAYS WANTED TO KICK YOU THERE!!! WHERE IT HURTS THE MOST!!!! NOW YOU FEEL ME????? HELL YEEEAAAHH!!!**

Kinuha ko yung tab ko. Yikes! Pinagtitinginan ako ng mga tao. Pagkalabas ko ng American Section. Narinig ko mga hiyawan at palakpakan nila. Tsss. Napangiti ako. Huh!!! Kala ng Satanas na yun!! Feeling ko tuloy ang gaan ng pakiramdam ko at ang saya ko.

***

Sa room namen, binabasa ko na yung naudlot na moment ni Jane at Gian. Sila yung mga bida sa binabasa ko…puteek na Ariel yun!!! Panira kasi eh…

**WOOOOHHH!!! ANG GALING MO YEN!!!** Sigaw ni Alex saka pumapalakpak palapit sa upuan ko. Maarte ko siyang iniripan. Alam ko na kung ano ikinakasaya niya. Alam na ng buong campus kung anong ginawa ko sa Ariel Pulgada na yun! Tae niya ah! Dapat lang yun sa mga playboy na katulad niya. Tengena niya!!!

**Wow, Yen, I can’t believe you did that!** Na-aamaze namang sambit ni Henry sabay ngumiti. Oh my god! He just smiled at me…Like Heller?? Can I die now???

**Oh, wala yun, actually matagal ko nang pangarap makasipa ng eggs and I want to see them cracked…** pacute na sambit ko kay Henry. Pero hindi niya naman pinansin pagpapacute ko. Tumawa lang siya at umiling saka pumunta sa upuan niya.

**Hoy Mavien!! Ang hanep mo!! Apir!!!** Sambit naman ni Igo.

**Tsss. Wala yun! Libre mo ko Igo!!** Sabi ko sa kanya. Friends kami ni Igo simula pa high school kaya close kami. Di ako nagpapacute. Kay Henry lang ako nagpapacute.

**Sige ba, ano ba gusto mo? Lugaw na may itlog???** Pagkatanong niya eh tumawa yung mga kasama niya at saka siya.

**No!!! I don't want to see eggs this week!!!** Maarteng sabe ko saka ako nag-pout.

**Eh ano nga?** Tanong niya ulet.

**I want kwek- kwek**. Mabilis kong sagot sabay ngumiti ngiti. Natatawa ako.

**Kala ko ba ayaw mo ng itlog?** Natatawang tanong ni Igo.

**I don't want to see eggs but I want them covered.** Paseksing sambit ko…Natatawa na talaga ako…

**Wooohhh, daring…** sambit ni Igo saka natatawa

**Ulol!!!** Sigaw ko sa kanya at yun na nga, humagalpak na ako sa tawa. Sila rin. Pano, kanina pa naming topic ang itlog!!! Huwaw sana nga nakabasag ako ng itlog para masaya!!! Hahahahahahaha

Pagkatapos kong makipagtawanan eh napansin ko si Henry my loovees…Nakatingin siya sa akin…Hmmmmppp kinikilig ako siyempre…

***

**Yen, Yen??** Habol ng isang lalaki sa akin. Binilisan ko lakad ko. Fashion Goddess, bakit di niyo pa sinipa sa outer space si Bentong?? O kaya gawing gold fish??? EEEEeeee

**Yen, can we talk??** Sambit ng lalaki saka hinugot braso ko. Ang harsh naman ni Bentong. Makapanghila ng braso ha!!! Wagas!!!

**ANO BA?? YOU'RE SO HAAARR-----**

-______________-

O___________-

O____________O

**HENRY???? Akala ko si Ben. Sorry.** Graabeeh, I'm so kiiliig…Ang inet ng fez ko eh. Feeling ko namumula ako…Aneeebeeehh…HMmmm…

**Sorry. Can we talk??** Tanong niya ulet. Mukhang kinakabahan eh.

**Yeah sure sure. Why not coconut divah??? San? Dito? Doon? O sa McDo???** Bigla ako tumigil. Andame ko namang neeessseeebeehhh. EEeee keeneekeeleeg akoooo eeeehh….

Natawa tuloy si Henry.

**You're cute when you're blushing…** sambit niya saka napakamot sa ulo niya. May kuto ba siya? Balakubak???

Ano daw???? Cute??? Blushing??? Ha??? Ansabehhh????

Cute daw eh….

Blushing….

Cute….

Blushing…

Cute…

Blushing…

Who?? ME???? BLUSHING??? ME???? OHH MYYY GAAASSSS!!!! ALAAM NAA!!!

**Hey!!! Nawala ka na.** Pagbabalik niya sa akin sa Earth…

**Ha? Eh kasi, dinala muna ni Fashion Goddess yung beautiful soul ko sa Fashion Planet. Ayan, nakabalik na ako Earth. Hehehehe.**

**Hmm, Fashion Goddess??** Bigla niyang tanong.

**Ahh Oo. Si Fashion Goddess.** Ano bang pinagsasabi mo Yen?? Fashion Goddess ka diyan?? Anong akala mo kay Henry? Five years old??? Uto uto?? Ikaw lang naman ang uto uto eh….pangongontra ng aking insecure na konsensya.

**Ano ulet sasabihin mo?** Tanong ko na lang sa kanya.

**Uhm, can I ask for your digits??** Nahihiyang sambit niya…

Ano daw? Digits? Mga kamay? E diba mga fingers eh tawag dun digits? Bakit niya naman tinatanong?? Lols ka naman lanndiii hindi kamay ang ebeg sebehen ni loobadooss…ang ebeg niyang sabehen ay tumataginting na cellphone number moooo!!! Boobiitaaa!!! Singit ni baklush na konsensiya…

**Number??** Tanong ko kay Henry.

**Uhm, yeah, if it's o-okay w-with you?**

Aiii!!! Baklush na konsensiii…tenk yo tenk yo at jumapi ka sa akiing braiinyyy…so luv yah na talagaaa!!!

**Yeah yeah yeah!!! Eto oh 0915********

Pacute na sabi ko…eeeeehhh oo alam ko may girlpren siya…di ko naman aagawin eh…hahahahahaha

**Uhm, I guess I'm through here. I can't walk you home kasi kailangan ko pang sunduin si Nina. Bye Yen. I'll try to send a message later okay??** At hinalikan niya ako sa pisngi bago siya umalis na nagwawave palayo sa kinatatayuan ko….

He kissed me…

He kissed me…

He kissed me…

He kissed me…

He kissed me…

Yan lang paulit ulit na nag-eecho sa malanding utak ko. Kahit umuulan na…nakatayo pa rin ako dito nakapayong. Napako na paa ko…di ako makaget-over...Kahit bumabagyo na..andito pa rin ako…naka-raincoat…Kahit nag-iisnow na andito pa rin ako…nakajacket…kahit taglagas na andito parin ako…may dalang walis tingting…kahit summer na andito pa rin ako…naka-bikini…wwaaaaahhh baliw na ako!!!! Kelan pa nagkaroon ng snow sa Pilipinas?? Help me!!!!!

***

**AAAALLLEEXXX!!!!!**

**OO na…ikaw na hinalikan sa cheeks ng matagal mo nang crush…o ano? Paulit ulit??? Masaya ka na???** labas sa ilong na pagsabi ni Alex.

**OO NAMAN ALEX!!!!AAAAHHHHHHHHHHAAAAHHHH!!!!!**

**ANG INGAY MO!!! PWEDE BA??? SO LANDI MO TALAGA!!!**

**Wag ka namang sumigaw…Eh kenekeleg ako eh…**

**Anak ng itlog naman Yen. Wag ka nga…may girlfriend na yun! Tsaka bakit ka naman hinalikan sa cheeks? Wag mong sabihing may balak siyang mag-two time???**

**Hindi naman sa ganon siguro ang reason niya kung bakit niya ako kini---**

*♪♫You've got mail…you've got mail♫♪*

**ALEX!!!! SIYA NA YAN SIYA NA YAN!!!!**

**Oh. Di siya! Wag ka sumigaw!!!**

From: +63926**********

Hey beautiful, how's your day??

-Henry Makin

**AHHHHH!!!! ALEX!!!! SIYA NGA!!! SIYA NGA!!!!** Malanding tili ko. In fairness no.. kasi naman dati, pangarap ko lang na landiin siya..ngayon abot kamay ko na!!! Wooohh partey partey!!!

**Patingin nga ansabeh??** At ayun, naki-usyoso si Alex. Asus, eh mas atat pa siyang mag-repply kesa sa akkeeenn, kunwari pa kasi di kinikilig…

***

From: Henry ♥

D ka pa m22log?? ☺

---

From: Eggyen princess

Di pa…y??? U ba??

Hmmm. Nakikipaglandian ako…hahahaha eh bakit ba, sabi nga nila abutin mo ang pangarap mo. Eh ngayon abot ko na pangarap ko kaya lang, konti na lang, magiging single na to…Isang buwan na kaming magkatext ni Henry. Sa kasalukuyan eh, MU na kamiii. WAAAAHHH. Oo. Kahit sila pa ni Nina ba yun??? Wala akong pakels…gusto ko si Henry, at umamin din siyang gusto niya rin ako…kaya lang may sagabal na kapre…eh ayaw kasi siyang hiwalayan ni Nina kasii eh suicidal daw siya at war freak!!! Hmmmpphh… Ampupu naman!!! Sana sila na lang Ben ang magkatuluyan eh…

Ahhh, yang screen name ko, si Igo tumatawag saken niyan…eh nung katext ko si Henry, tinawag niya rin akong Eggyen princess….I'm so kiiliig at that time…

As for my ever supportive friend na si Alex, nakatanggap ako ng isang milyong batok sa kanya hanggang sa lumipad sa outer space yung ulo ko at bumalik sa Earth. Di nakeri kasi nakita niya si Ben na lumulutang lutang din sa outerspace…Kahit sa outer space eh stalker pa rin si Ben!!!

From: Henry ♥

Maaga pa tayo bukas ah…magkakaeyebugs ka niyan. Papangit ka hehe

---

From: Eggyen princess

It's okay. As long as may nakaka-appreciate sa kapangitan ko…☹

---

From: Henry ♥

Who? Ben???

Tange!! Ikaw!!! Ang slow netooo…

From: Eggyen princess

Yes!!!

---

From: Henry ♥

Are you mad at me?

Are you mad at me?? Di ba halata?? Bakit ba sinasali niya si Ben sa usapan. Tsk. Di ko nireplyan…makatulog na nga. Hahayaan ko siyang amagin sa paghihintay ng reply!!! Badtreeep!!!

**Don't cha wish your girlfriend was hot like me*

*Don't cha wish your girlfriend is a freak like me*

*Don't cha? Don't cha**

**Oh bakit???** Di uso ang hello sa akin pag galit!

**Galit ka??** Tanong niya

**Hindi bakit??** Di ba obvious?? Kunwari ka pa! Palambing epek ka lang eh. Sita ng insecure kong konsensiya…

**Bakit??** Tanong niyang natatawa.

**Ewan ko sayo…tawa tawa ka pa diyan. Anong nakakatawa??!!**

**Ikaw…bakit ka ba kasi nagagalit? Dahil kay Ben??**

Oo nga naman. Bakit nga ba ako nagagalit??? Waaah. Eh kasi teh, gusto mo magpalambing epek. Kaya naman!!! Go go go lungs! I-keri mo!!! Biglang nabuhay ang baklush kong konsensya… Hmmm. Di ako umimik…

Tapos biglang…

**♪Wag na init ulo baby♪ Hahaha sorry di ko alam kasunod eh…** sambit niya. Tumawa ako…ang baduy. Ginaya pa yung commericial eh…Di pa rin ako umiimik. Pinipigilan ko tawa ko…Hmmm. Kahit ngayon lang…

**Yen?? Eggyen princess???** Tawag niya sa kin with his sweet voice…Hmmm.epek!! Bongga. Sumipa ang horsepower ng heart ko…Anneeebeehh, kenekeleg akeee…

**Hmmm…**sambit ko lang

**Bati na tayo???** Nagsusumamong tinig niya…

**Uh..Hmmm…**sambit ko lang. Pinipigilan ko tawa ko…

**Puro ka naman Hmmm diyan??? Are you sleepy??** Tanong niya…

**No…I'm just…ahhh…never mind…you're going to sleep na ba?**

**Not until you tell me to hang up**…sabeeeehhh!!! Hmmm. Bongga!

**Ganon??? Di naman kita utusan ah…**

**Baby, simula nung hinalikan kita sa pisngi, I've already surrendered my heart…and I believe, it's in your system now…**

**Cheesy ka!!!**

**Ayieee~ kinikilig ka no??** pang-aasar niya…Puteek..nag-iinit mukha ko…

**H-hindi no! Asa ka!!! Walang nakakakilig!!!**

**Bakit ka sumisigaw???**

**Hindi nga ako kinikilig!!!**

**Okay di hindi…**bigla naman nagbago boses niya…

**Uy, Henry…**sambit ko…

**……**

Lagot walang sagot…

**Uy….**Putek wala pa rin…

**♪Wag na init ulo baby♪…**

I heard him chuckled. Kakasimula ko pa lang…tsss…di niya ako matiis… wahahahaha ako na ma-feeling…

**Uy, di na ako nagtatampo. Sorry…** sabi ko…

**Ako din, sorry…**sambit niya rin

**Hindi ka pa talaga sleepy??** Tanong ko sa kanya…

**Not until you tell me to…**sambit niya. Nararamdaman ko ngiti niya sa pananalita niya… **Ah, baby, I have something to tell you pala…**

**What is it???** Excited na tanong ko…

**Me and Nina…**

Ay oo nga pala. Tsss…

**Yes?** Nagaalinlangan kong sambit…

**We had our official break-up last Friday…**

Ewan ko kung good news ba to o super duper good news!!! Di ako makapili sa dalawa!!! Kaya pinili ko na lang yung major major good news!!! Hahahahaha kahit wala sa choice…

**What do you feel now??** Tanong ko sa kanya paninigurado lang…kahit ang saya ko!!!

**Uhm, you know that I had initiated the break up last year pa diba? Kaya lang, ayaw niya. So kahit ayoko na, still, she insists that I would still be her boyfriend. Eh, sa totoo lang, natatakot ako sa kanya eh. Kasi she attempted to kill herself nung una kong sinabing maghiwalay na kami. Pero ngayon, since gumaling na siya through therapy, naghiwalay kami ng maayos. At I know, this is fast pero, you know naman na I like you diba?**

**Yes?** Kinakabahang tanong ko.

**Can you be my girlfriend???** Tanong niya after niya huminga ng malalim…

OH MY GAAASSS!!! ANSABEH???? CAN YOU BE MY GIRLFRIEND??? Hmmm. Malandi na kung malandi pero di ko mapigilan ang inner goddess ko!!! Todo na toh!!! Super duper kilig na ako!!!

**YEEESSS!!!** Sigaw ko sa kanya….

**Ang sakit sa tenga naman ng sigaw mo!! Di ba dapat ako ang magrereact ng ganyan? Umamin ka nga? Pinagnanasahan mo ko no?** tanong niyang nakakaloko.

**Hindi ah!! Matulog ka na!!!** sambit ko. Pinipigil ko ang kilig!!! Hmmm…

**Okay baby, I love you. Goodnight.**

**I love you too. Goodnight…**

Tapos hindi niya pa rin binababa yung phone…ako rin di pa ako nag-hang up…naghihintay ako…hindi pa rin….1 minute….2 minutes….3 minutes… tumatawa lang kami ng mahina…

**Di mo pa ibababa?** Tanong ko sa kanya…

**Ikaw na magbaba…**

**Ikaw na ah…**

**Eh ikaw na ah…**

**Ikaw na kasiii…**

Ayun…nagtuturuan kami kung sino una magbababa ng phone…

**O sige na nga. Ako na. tulog ka na ah? Sweetdreams goodnight!!** Sabi ko.

**O yeah. Goodnight. I love you. Sweetdreams.** Sambit niya. Tapos end call ko na…Huwahahahaha

I can't believe it…Kami na ng crush ko…Si Henry Makin…Kami na ni Henry!!! Nakatulog ako ng may mga ngiti sa aking kissable lips ^___^

***

**Purple!** - Ako

**Barney!** - Henry

**Dinausor!** - Ako

**Jurassic Park!** - Henry

**Eggs!!!** - Ako

**Eggs??** Tanong ni Henry sa sagot ko. **Pano nakarelate ang Jurassic park sa eggs???** Tanong niya ulit…nahihiya na ako…ang bobo ng sagot ko…nataranta ako eh!! Oo yung laro namin, yung kunwari kung ano yung una kong sasabihin, magbigay ka ng sagot na dapat eh connected sa sinabi ng kalaban mo, kung walang connect. Talo ka at makakatanngap ng parusa!!!!

Dahil malandi kami pareho…ang parusa namin ay halik….

Ang matalo…hahalikan niya yung paa ng mananalo… o diba landi na kadiri pa???

**Eh kasi diba, may mga giant eggs sa Jurassic park?? Kaya ayun!!!**

**Sus, palusot.com ka pa eh…halikan mo na lang yung paa ko…oh eto na oh ready na…**

Sisipa sipa pa siya… Eweness naman…magmumukha akong alipin neto eh…

**Pag ako natalo kita…swear!!! Papahirapan kita!!!**

**Wag na maraming satsat!!! Kiss my feet Babe!!! Bilis!!! Haahahahahaha**

At masaya pa talaga siya ha! Kainis!!! Gawin ko kaya tong the man who can't be moved because I grabbed both his feet??? Kainis. Ayun!!!

*MWAH*

Nahalikan ko paa niya. Yaks naman kadiriiii!!!! Pinunasan ko agad labi ko after that. Kadirii talaga!!!

Ayun, tumatawa tawa lang siya…

By the way, we are celebrating our 6th month as lovers. Hmm oh diba?? Siyempre sa tagal namin, di kami nauubusan ng sweetness at lambingan…pero mas marami away namin eh…pano kung gaano ako kalandi, ganun din siya…pero mas malandi ako no…ang ibig kung sabihin sa landi namin eh sa pagkain. Super lapitin kami ng pagkain. Minsan pag parehas kami ng paborito, agad naming nilalantakan!!! Mga SUPER PATAY GUTOM kaming dalawa. In fairness, wala sa mukha. Meron nga minsan eh,

iisa na lang yung Boy Bawang sa store na nadaanan namin…bigla kaming nagtagisan ng tingin

*zzzzzzzzzzztttt zzzzztttt* (sound effect yan kapag may dalawang nagaaway yung may kuryente sa mata wahahaha)

Hinugot ko yung Boy Bawang ako nauna…**Yes!!!**

**Akin yan…**pangaagaw niya sa akin..

**Ako nauna..akin to…**

**Ako nauna kaya…akin to…**

**Ako…akin to!!!!**

**Akin yan!!!**

**HOY!!! ANAK NG DAGA NAMAN OH!! ANG INGAY NIYO!!! BAYARAN NIYO NA NGA LANG YAN!!!** Sambit ng ale sa may tindahan.

**Kasi..**sabi ko kay Henry

**Tsss…**sabi niya naman

**Oo na share na tayo…**sabi ko na lang sa kanya kahit napipilitan ako.

Para kaming bata eh…isip bata putek…

***

**Hey babe, I'll pick you up later. May dadaanan lang ako saglit. Okay?** Sambit niya sa kabilang linya.

**Yeah sure.** Sambit ko naman.

**Uhm babe. I love you!! I can't believe it, we'll be celebrating our second anniversary.** Sambit niya parang di makapaniwala.

**Yeah, me too. Parang kelan lang nung inaway ako ng ex mo**. At ayun nagtawanan kaming dalawa.

Yes, we've been through a lot. Pero we survived. Di naman kami aabot ng two years diba? To think na graduates na kami at may trabaho na. Yeah, noong 11th month namin ni Henry, bigla akong sinugod ni Nina at sinabunutan at saka pinagsasampal. Kadarating niya lang galing States. Yun pala, after ng break up ni Henry, she booked a flight sa States at doon itinuloy ang therapy niya. Well, siguro, yung pagkasuicidal niya eh na-overcome niya pero yung pagiging war freak eh, lumalala??? Hahahaha ewan. After niya ako gawing chaka!! My gosh!! Tumawa pa siya ng evil laugh bwiset lang!! Ayun, pinunta ulit sa States. Buti nga sa kanya. Kaya eto kami, happy.

**Uhm, Yen, I just want to say thank you for coming to my life. Having you is worth it. I can't even think of the right words to say…but I'm so happy. I can ask God to get me now you know?** Pagkasabi niya yun ay tumawa siya. **No, But, Yen, masaya talaga ako. Hindi ako ngakamali ng babaeng pinili. Mahal na mahal na mahal na mahal kita Yen. Pag nawala ako---**

**Ano bang pinagsasabi mo? Pag nawala ka? Di ko kaya…**sambit ko sa kanyang naiiyak.

**Nah, I'm just kidding. I love you Yen. I'll see you later okay?**

**I love you too, Henry. So so so much!!!! Gazillion times.**

**Happy 2nd anniversary baby!!!**

**Happy 2nd anniversary din!!! Huy, daanan mo ko ah???** Makulit kong sambit sa kanya.

**Yes baby. I'll hang up na okay??? Bye!!**

At yun na nga wala na…Siyempre ako, ayoko namang magmukhang losyang sa harap ng future husband ko!! Naks. Husband agad. Hmmm. Kumakanta kanta pa ako habang sinusuot ko yung Casual Friday outfit ko. Denim sweatshirt with fitted faded jeans tsaka super cute na doll shoes. Hmmm. Okay na to. Di naman kasi kami bongga magcelebrate ng loovvesss ko kasi may pinag-iipunan kaming dalawa…hmmm hindi kasal!!! Hahahaha. Bakasyon sa Paris, France. Oo!!! Trip to Paris. Diba? Bongga?

30 minutes….

1 hour….

1 hour 15 minutes….

Tagal naman ng mahal ko…Kanina ko pa siya minimisscall'an eh, out of coverage area pa. San na ba yun?? Antagal ha? Pagdating talaga nun, makakatikim talaga yun ng high kick!!!! Grrr…Erased na lipstick ko kasi kanina ko pa kinakagat labi ko eh…

1 hour 30 minutes…

**You've got that smile that only heaven can make*

*I pray to god everyday, that you keep that smile…**

**Hello?** Sagot ko sa caller na unregistered number.

**Hello?? Uhm, Yen, hija, this is your Tito Enzo.**

**Tito, napatawag po kayo?** Something's not right. Tito Enzo is Henry's father. We've met when we celebrated our 8th monthsary at Makin's residence.

**Hija, di na ako magpapaligoy ligoy pa, Henry…he's in the hospital right now.**

**What??? How?? Tito???** Hindi ko alam kung ano…nagulat ako, kinakabahan…Si Henry…Si Henry…

**Just come, hija okay it's better if I'll explain to you personally…Andito kami sa** *********** **Hospital, we'll be waiting for you okay? Be careful.**

Tumakbo ako sa labas at nagabang agad ng taxi…Puteeekk, wala akong pakialam kung ano na. Kung taxi o tricycle o kalesa o bike pa ang dumaan dito. Kailangan kong makapunta sa Hospital. Kailangan kong makita si Henry!!! Bullsh*t naman!!! Henry!!! Kailangan kitang makita!!! Kailangan kong malaman ano nangyari…

After 4563738 hours….nakarating ako sa Hospital. Tumakbo ako sa may elevator at pinisil yung button no. 2…tae tae…bakit sa 2nd floor??? Diba ICU un?? Bakit diyan??? Bakit ka andyan??? Antagal namang magbukas neto…Henry…tuloy tuloy pa rin pag-iyak ko…

*ting*

At nagbukas ang elevator…may sakay etong janitor…pumasok ako…

**Miss bakit ka umiiyak??** Tanong ng janitor. Usi masyado. Alam niyo yun? Usisero. Wala akong panahong makipagdaldalan. Gusto kong malaman bakit nasa ICU si Henry!!!!

*ting*

At tumakbo ako ulet palabas. Di ko na pinansin si Manong. Wala ako sa mood. Hiningal akong nakarating sa 2B. Yun ang room ni Henry. Private room.  Nakita naman ako ni Tito Enzo.

**Tito!!!** Banggit ko agad sa pangalan niya.

**Yen!** Tapos niyakap niya ako.

**Si Henry po?** Naluluhang tanong ko sa kanya.

**Hija. He had a car accident. And that is because of a reckless driver!!** Biglang naluluha si Tito Enzo.

**Shhh. Hon, let me  talk to her okay?** Sabi ni Tita Jean.

**Naguguluhan po ako**…mahinang sambit ko sa kanya. Punong puno ng emosyon yung puso ko…di ko alam…umiiyak na lang ako…

**Yen, Henry is in critical condition *sniff* sabi ng doctor. He had *sniff* hemorrhage and his body…halos, mabali lahat ng buto niya *sniff*. Nabunggo siya ng lasing na**

**driver ng truck Yen. *sniff* I don't know *sniff* kung mabubuhay pa si Henry sa kalagayan niya.** Iyak ng iyak si Tita Jean.

Ako naman, na shocked sa sinabi ni Tita. What does she mean? Na mamatay si Henry, any time?? Pwedeng ngayon, mamaya o bukas…any time, pwede nang kunin si Henry???Hindi ba unfair yon??

**Tita…**mahinang sambit ko…**Tita, c-can I s-see him??** Nanginginig na tanong ko sa nanay niya.

She holds my hand and opens Henry's door. Then pain strikes my heart….

Henry…bulong ko lang…tumulo ng tumutulo mga luha ko…

He looked so helpless…My Henry…bakit??? Bakit sayo nangyari toh??? Henry…

***

He has bandage all over his head. I can see brownish tinge on the white thing on his forehead, which I believed is dried blood. Some, still red in color. Ibig sabihin, his head bleeds inside and out…again, pain strikes my heart.

I remembered how I used to touch his head without bandages. How I stroke his hair with my fingers at kunwari sasabihin kong may kuto siya. I remembered how I used to

straighten the frown in his eyebrows saying that he will develop wrinkles if he won't smile.

His nose, may pasa na parang binugbog…his right cheek…super daming sugat…his lips…they are so dried up…may nakasaksak pang ewan kung ano man yun, wala akong pakialam. Grabe!!! Bakit??? Andaming nakakabit sa kanyang kung ano ano…tumutunog…nakakabaliw ang tunog…any time pwedeng mawala ang patigil tigil na tunog na yun at magiging diresto na… ayoko!!! Ayokong isipin!!!

**Henry…why?**

Nilapitan ko siya. Umiiyak ako. Naguguluhan ako. Ang bigat ng pakiramdam ko. Ang sakit. Ang sakit makita ang mahal mo sa ganitong sitwasyon. Di ko maiwasang sisihin ang Diyos! Bakit siya? Bakit di na lang yung putek na lasinggerong driver ng truck ang ganito? Bakit si Henry na walang kasalanan ang nandito sa sitwasyong to?? Bakit???

**Henry…sabi mo susunduin mo ako…hinintay kita Henry…Babe…2nd anniversary celebration pa natin ngayon. Please naman…Babe…Please don't do this to me…Hinihintay ka rin ng Mama at Papa mo oh…Babe…mahiya ka naman…** sambit kong umiiyak ng sobra.

**Henry please???** Umiiyak na ako. Hindi ko na kaya.

***

Umalis ako sa room niya. Pumunta ako sa Chapel. Lumuhod ako agad. Sobrang umiiyak.

**Lord, please. Kahit ngayon *sniff* lang. Kahit ngayon lang magmilagro. Alam ko, maraming nagdadasal sayo ngayon pero sana po, unahin niyo na lang po yung sa akin. Alam ko pangmakasarili ang hiling ko pero lord…nagmamakaawa ako…Wag pong si Henry…*sniff*…ang kunin niyo…*sniff* Nagmamakaawa po ako…Sabi**

**niya marami pa siyang gagawin…marami pa siyang plano sa buhay niya…sa buhay namin…**

**Ugh!!! Ayoko na!!! Henry…wag…parang awa mo na…hindi pa ngayon…please…**

***

After ko mag-makaawa sa Panginoon. Kahit walang kasiguraduhan kung sasagutin niya prayer ko…bumalik ako sa room ni Henry…Si Tito Enzo nasa labas, kino-comfort si Tita Jean. Si Kuya Harry naman, kuya ni Henry, bumalik muna sa bahay nila. Si Heydi, yung little sister nila, sinamahan niya si Yaya Glen para bumili ng pagkain. Ako…kasama ko si Henry…sa loob…

**I guess, this is how we celebrate our 2nd anniversary. Isn't it romantic?** Sarkastikong sambit ko sa kanya. Naluluha na naman ako.

**Hey, babe…nahihiya kang magsalita noh?...N-naspeechless k-ka sa…kagan—dahan ko…noh???** Pagmomonolouge ko sa kanya. Pinapahid ko na naman mga traydor na luha. Ti-natry kong maging malakas pero hindi ko kaya. Hindi ko kayang maging matapang sa mga ganitong oras…nakikita ko siyang kawawa…di ko kaya…

**Hey, babe, do you remember when we first talked to each other?? Oo. Ako yung lumapit sayong may dalang panyo…kaya lang… di pala sayo yun…pero sobrang saya ko nun kasi nakausap mo ako…kaya lang sawi ako nun kasi may girlfriend ka pala…**

Natatawa ako while reminiscing… eto ba ang tinatawag na bittersweet??Kung eto nga, nanalangin ako sana di ko na lang to natikman…

**Huy, babe…please…please…talk to me…**

**I love you so much…I don't know what to do…without you…please not now…please….I love you so much…Please don't do this to me…Henry??? Wake up…**

Umiiyak na naman ako…puro ako iyak…iyak…Biglang nagmove kamay niya.

**Henry???** Nagmomove pa rin kamay niya... tumakbo ako sa labas saka tinawag sila Tita. Agad naman silang nagtawag ng doctor. When the doctor came, he checked Henry. Kung ano ano ginawa nila ng nurses…then checked the monitor that produces stupid sounds which resembles his heartbeat.

***

**Si Henry…gumalaw kamay niya…Doc, gumalaw kamay niya…** pagpilit ko sa doctor.

**Mam, yes, unconsciously he moved his muscles but this does not mean that he will live. As you see, his vital signs are still unstable. Prognosis is, he won't be long…I'm sorry…**

**What??? Are you f*uckin' kidding me? I saw it. I saw him moved!!! Tapos sasabihin mo, he won't be long?? Doctor ka ba talaga?? Akala ko ba tagasalba kayo ng buhay? Bakit siya hindi mo kayang isalba?? P*tang ina!!!**

Wala akong pakialam kung ano sabihin ng Doctor na to! Siguro sanay na siyang mamura ng mga kamag-anak ng mga pasyenteng wala na talagang pag-asa. Alam kong masakit sa loob ng mga Doctor na hindi sila ma-kasave ng buhay kahit alam naman natin na ginawa talaga nila lahat ng kaya nilang gawin para mabuhay sila. Wala akong pakialam kung mas down ang esteem nila dahil feeling nila wala silang kwenta at wala silang nagawa dahil sa huli sa kanila napupunta ang masasakit na salita!! Wala akong pakialam sa emosyon ng iba. Wala. Mamatay na si Henry…mawawala na siya…

**We did everything we can Mam. Sorry.**

Yun lang at umalis na ang Doctor.

***

After ilang hours na naghihintay ng development at kakatapos lang din ang di katanggap tanggap na anointing of the sick para kay Henry…

Naririnig kong pabilis ng pabilis yung sound ng stupid monitor na yun! Ayokong pakinggan…sobrang bilis…Si Henry, tinignan ko siya nagiging rapid ang breathing niya tsaka shallow…Oh my…Alam ko ibig sabihin ng mga paghingang yun…ganon huminga yung lolo ko bago siya… bago siya…mamatay…Please Henry wag muna…

**Tita! Tita si Henry**…tawag ko sa Mama niya.

Nakita niya rin. Tapos naiiyak na siya. Andun na si Heydi at Yaya Glen pati na rin si Kuya Harry. Si Heydi nakayap kay Yaya at umiiyak. Si Tito bumalik kasama ang Doctor at nurses.

Hindi ko alam kung anong nangyayari. Kung anong ginagawa nila pero alam ko kung anong nangyayari kay Henry. Si Henry…kinukuha na siya ni God…iiwan na niya ako…iiwan na ako ng mahal ko…yung taong mahal ako ng sobra…at mahal ko rin siya…sobra…umiiiyak ako habang tinitignan ko kung paano nila irevive si Henry…

**Clear!!** Sigaw ng Doctor…

*tuuuggssshh*

**1002, 1003, 1004…** pagpush niya sa chest ni Henry with his hands

**Set to 1200 volts**…utos niya sa nurse

**Clear!!** Sigaw ulit niya. Pinagpapawisan na ang doctor.

*tuuuggssshh*

**Heart rate…**

**Pulse rate….** Report ng nurse

Tapos yung stupid machine biglang naging straight line na lang at yung tunog eh diretsong sound na lang…

*ttttttttttttiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiinnnnnnnnnnnnnnnnnnnnn*

No…no…no….tumigil ang oras ko…

**Time of death, 10: 57 pm. I'm sorry for your loss mam, sir.** Sabi ng Doctor at saka umalis na nakayuko.

Patay na si Henry….

Wala na siya…

Iniwan niya ako…

**My son!!!/Kuya!!!!/Anak!!!!** Sabay sabay na iyak nila Tita at Tito pati si Heydi. Si Kuya Harry niyayakap niya Mommy  niya saka lumuluha na rin…

***

Wala akong masabi…wala…nagulat ako…parang di totoo… sana panaginip lang…sana magising na ako…tumakbo ako sa labas at saka naman dumating si Alex…

**Yen…**naiiyak na sambit niya. Niyakap ko siya…Niyakap niya rin ako ng mahighpit.

**Alex, wala na siya…wala na si Henry…Iniwan na niya ako…Alex…patay na siya…patay na siya….**humagulgol ako kay Alex…

Ngayon ko lang to naramdaman…ang magbreakdown…umiyak ako ng umiyak

***

Sa burol ni Henry, doon halos di ko nakayanan. Tuluyan na siyang ibinaon sa lupa. Bumalik na siya sa pinangalingan niya. Iniwan niya kaming malungkot. Siya naman siguro masaya kasi wala na siyang prinoproblema. Pero kami, naisip niya kaya?

**HENRY C. MAKIN**

Andito ako ngayon sa puntod ni Henry. Isang taon akong nagluksa sa kanya…nagpunta ako ng States para sana kahit papano eh mabawasan pagkalungkot ko…OA na kung OA  pero siya lang kasi yung nag-iisang taong minahal ko ng sobra…ng tunay…ang dami naming pangarap na hindi natupad…mga pangarap na

gusto naming abutin na magkasamang dalawa…ang pagbuo ng pamilya…magkaroon ng mga anak at apo…at titignan namin silang lumalaki habang kami eh tumatanda…kaya lang isang iglap, nawala ang pangarap namin…hindi ko magagawa ang pangarap na yun sa ibang lalaki. Ayoko!! Kasi siya lang ang gusto kong tumupad nun. Nangako kami sa isa't isa…

**Henry…pangako…hindi man natin natupad ang mga 'to sa totoong buhay…tutuparin natin sa kabilang buhay. Sigurado na ako dun na hindi mo ako iiwan at di rin kita iiwan…pangako…**

***

**-noquane**

**Author's note: First time ko magsulat ng ganitong plot. So forgive me kung ganito ang outcome. Nyeks. Sobrang baliw lang. Please comment on this story and vote…Thank you so much☺***